**Pamagat**: Ang Dalawang Kalooban

**Bible Text**: 1 Pet. 4:2 "That he no longer should live the rest of his time in the flesh to the lusts of men, but to the will of God."

*Pagsasalin*: Upang huwag na kayong mangabuhay sa laman sa inyong nalalabing panahon sa mga masamang pita ng mga tao, kundi sa kalooban ng Dios.

**Panimula**:

1. Pinayuhan ni Pedro ang mga Christians ay dapat tigilan ang pamumuhay sa kasalanan, patungkol sa pagdurusa ni Christo para dito.
2. At ngayon, isa pang motivation ay ang hinaharap na hatol or paghuhukom.
3. Dalawa lang ang pagpipilian ng Christiano: kalooban ng Dios o "kalooban ng mga Gentil" (hindi ligtas).

**I. Ang Kalooban ng Dios**: (v.2)

A. Ang "will of God" (kalooban ng Dios) ay matatagpuan sa salita ng Dios.
B. Ang lakad natin ay dapat sangayon sa salita ng Dios – contra ito sa pita o nasa o hanggad ng laman.
C. Hindi tayo nabubuhay sa hanggarin ng tao kundi sa kalooban ng Dios.
D. Kasama ng "will of God" ang "sufferings" (pagdurusa) natin. (4:19). Ang mga responsibility natin sa gitna ng sufferings ay: ipagkatiwala ang kanilang sarili sa tapat na lumikha at magpatuloy sa paggawa ng mabuti.

**II. Ang Kalooban o Hangad ng mga Gentil**: (v.3) – ito ang alternatibo: lumakad sa kasalanan.

A. Lasciviousness – kahalahan, outward action ng inward corrupt desires.
B. Lusts – masasamang pita, o pagnanasa – corrupt desires.
C. Excess of wine – paglalasing. (Eph. 5:18)
D. Revellings – malalaswang kalayawan o kasayahan (magulong pagtitipon).
E. Banquetings – pag-iinuman (social drinking at drinking parties).
F. Abominable idolatries – kasuklam-suklam na pagsasamba ng mga diosdiosan. (Bacchus – diosdiosan ng alak).
G. Ganito ang ugali ng hindi ligtas noon, parehas rin ngayon. Ano ang pipiliin mo?

**III. Ang mga Resulta ng Pagsunod sa Kalooban ng Dios**: (v.4) – kung mabuhay ka nakatulad nila – okay ka lang!

A. "Run" – sila tumatakbo….ang Christiano…(v.3 – lumalakad).
B. "Nagtataka" ang mga dating kasama ninyo kung bakit hindi na kayo nakikisama sa gayunding magulo at walang pakundangang pamumuhay.
C. Kaya "nilalait" nila kayo. - pinagsasalitaan ng masama.

**IV. Ang Hinahapap Nila at ang Grasya ng Dios sa Atin**: (v.5-6)

A. (v.5) Ngunit mananagot sila sa Diyos na handang humatol sa mga buháy at sa mga patay. – Ano mang oras maari siyang bumalik, at hahakutin niya ang mga Christiano, at ang bulok na mundong ito ay mananagot sa Dios. (Matt. 12:36; Acts 17:31; 2 Tim. 4:1) – handa na itong mangyari.
B. (v.6)Sapagkat ito ang dahilan kung bakit ang Magandang Balita ay ipinangaral maging sa mga patay, upang kahit sila'y nahatulan sa laman tulad sa mga tao, sila'y mabuhay ayon sa Dios sa espiritu. – Ang mananampalataya ay buhay sa espiritu. Sa oras ng kamatayan ng katawan, sila ay buhay at kapiling ng Panginoon.

**Katapusan**:

1. Ang pagpugot ng kalaswaan ng laman ay epekto ng pangangaral ng ebanghelyo.
2. Matindi ang hatol ng Dios sa mga nakarinig ng ebanghelyo at walang epekto sa buhay nila ang kalooban ng Dios. (Matt. 10:15; 11:22, 24; Mk. 6:11; Lk. 10:12, 14).
3. Hindi bali kung ano ang hatol o husga ng tao, mas importante ang hatol o pasya o husga ng Dios.
4. Dapat mabuhay tayo sa kalooban ng Dios dahil buhay tayo sa espiritu natin – at ito ang pakikitungo natin sa Dios.